International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Special Issue | July 2022
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

# *Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistics Analysis*

***ANGELICA JOYCE S. BAÑARES***
Isabela State University

***ABSRACT***

*This paper aims to examine the free Filipino translation by Gregorio V. Bituin Jr. of Sonnet 18 by William Shakespeare. And since it is a text analysis, Qualitative Descriptive method was employed. The researcher used a copy of the sonnet 18 freely translated by Gregorio V. Bituin Jr. as an instrument in this study.*

*Data gathered were chosen one of the featured Filipino translation of the Sonnet. The researcher analyzed the copy of the sonnet by analyzing each verse of the poem from the poet's perspective. The analysis is done under the levels of Phonological, Grammatical and Lexical patterns. The various Literary Devices used in the analysis of the sonnet were also identified and linked to romanticism. This research helps to examine the structure and style of Shakespeare's poetry through the independent translation by Gregorio V. Bituin Jr. and his themes, perspectives, and treatment of nature and his beloved.*

*From this study, it was found that the poet uses images in his sonnet to make the readers feel and use figurative words so that it contains deep meaning. From the conclusions, the researcher suggests to the next researchers to choose the sonnet as the subject of the research because only a few choose the sonnet as the subject of their research.*

*Keywords: Style, Stylistics, Phonological, Graphological,Lexical*

## Pagsusuring Estaylistik ng Soneto 18 ni William Shakespeare

**ABSTRAK**

Ang papel na ito ay naglalayong suriin ang malayang salin sa Filipino ni Gregorio V. Bituin Jr. ng Soneto 18 ni William Shakespeare. At dahil ito ay isang pagsusuri ng teksto ginamit ang pamamaraang Kuwalitatibong Deskriptibo. Ginamit ng mananaliksik ang kopya ng sonetong malayang isinalin ni Gregorio V. Bituin Jr. bilang instrumento sa pananaliksik na ito. Pinili ang isa sa mga tampok na salin sa Filipino ng Soneto bilang pamamaraan sa pangangalap ng datos sinuri ng mananaliksik ang kopya ng soneto sa pamamagitan ng pag-analisa ng bawat taludtod ng tula mula sa pananaw ng makata. Ang pagsusuri ay ginawa sa ilalim ng mga antas ng Ponolohikal, Grapolohikal at Leksikal patterns. Tinukoy din ang iba't ibang ginamit na *Literary Devices* sa pagsusuri ng soneto at iniugnay ito sa dulog romantisismo . Nakatutulong ang pananaliksik na ito upang suriin ang istruktura at istilo ng tula ni Shakespeare sa pamamagitan ng malayang salin ni Gregorio V. Bituin Jr. at ang kanyang mga tema, pananaw, at pagtrato sa kalikasan at sa kanyang minamahal.

Mula sa pag-aaral na ito napag-alamang gumamit ang makata ng mga imahe sa kanyang soneto upang gawin ang nadarama ng mga mambabasa at gumamit ng mga matatalinghagang salita upang ito ay naglalaman ng malalim na kahulugan. Mula sa mga konklusyon, iminumungkahi ng mananaliksik sa ang mga susunod na

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

mananaliksik na pumili ng soneto bilang paksa sa gagawing pananaliksik sapagkat iilan lamang ang pumipili ng soneto bilang paksa sa ginagawang pananaliksik.

*Mga Keyword: Estilo, Estilistika, Phonolohical, Grapholohical, Leksical*

**INTRODUKSIYON**

Likas sa mga Pilipino ang pagiging makata o pagpapahayag ng kanilang mga saloobin sa pamamagitan ng panitik. Bawat simbolo na kanilang naisusulat ay makabuluhan at malalim ang pinanggagalingan ng mga ibig sabihin nito. Iba't iba man ang uri at pamamaraan ang bawat manunulat tungkol sa pagpapahayag ng kanilang damdamin at kaisipan, ang lahat ng ito ay matatagpuan sa panitikan na sumasailalim sa buhay ng tao. Dahil dito, malaya ang bawat isa na maipahayag ang anumang ninanais at walang sinuman ang maaaring makapigil sa anumang istilo na kanyang nanaisin. Sa pamamagitan ng panitikan may mga obra ang bawat makata na nagiging kilala at nagiging dahilan upang mabigyang buhay at kulay ang kaniyang kasaysayan. Sa napakaraming uri ng panitikan, may isang sangay na maituturing na may malaking kaibahan sa ibang sangay.

Ayon kay Mahilom (2010) ang panulaan o mas kilala sa tawag na tula ay isang uri ng sining at panitikan na kilala sa malayang paggamit ng wika sa iba't-ibang anyo at estilo.Kagaya ng ibang akdang pampanitikan, ang tula ay may kauukulang elemento, una-sukat na tumutukoy sa bilang ng pantig sa bawat taludtod , saknong-tula na may dalawa o maraming taludtod, tugma-nagbibigay himig , kariktan na nakapupukaw sa damdamin ng mga mambabasa, talinghaga-na tumutukoy sa paggamit ng matalinghagang mga salita,at tayutay anyo,porma ng tula , tono o indayog at persona-na tumutukoy sa nagsasalita sa tula, una-pangalawa-at ikatlong panauhan. Madaling makilala ang isang tula sapagkat karaniwan itong may batayan o pattern sa pagbigkas ng mga huling salita.Binubuo ito ng mga saknong at taludtod. Kung minsan ay maiksi o kaya naman ay mahaba. May tugma at sukat at ginagamitan ng mga matatalinghagang salita at tayutay.Ilan sa mga uri ng tulang atin ay ang Tulang Liriko na kung saan tinatampok ng makata ang sariling damdamin.Ito ang itinuturing na pinakamatandang uri ng tulang isinulat ng mga makata sa buong daigdig.Ilan sa mga halimbawa ng tulang ito ay awit ,pastoral, oda,dalit,soneto, at elehiya.

Ang Tulang Damdamin o Tulang Liriko ay sumasalamin lamang sa damdamin ng makata o sumusulat ng tula. Walang anumang konsiderasyon sa pagsulat nito ngunit ang damdamin o emosyon lamang ng sumusulat. Hindi nito kinakailangan na mayroong tauhan o karakter sa isusulat na tula. Tumatalakay lamang ang tulang ito sa perspektibo, pagpapahalaga, emosyon, o iniisip ng makata at isa sa mga uri nito ang Soneto na isang mahabang tula na binubuo ng 14 na linya. Karaniwang tumatalakay naman ito sa kaisipan at diwa ng makata. Ang soneto ay hindi basta tula lamang na binubuo na labing-apat na taludturan. Ito'y kailangang may malinaw na kabatiran sa kalikasan ng tao at sa kabuuan. Ito ay naghahatid ng aral sa mga mambabasa. Sa unang walong taludtod ay inilalahad ang diwa, paghanga man o talinghaga, at sa huli naman ang karagdagan o anumang kapupunan sa ikabubuo ng tula. Kilala si William shakespear bilang manunulat sa larangan ng panitikan kabilang na diyan ang kanyang mga soneto at maraming mga manunulat sa Filipino ang nagsaling wika sa ilan sa kaniyang mga panitik. Dahil malalim ang pagpapakahulugan ng mga ito ay hindi madaling maunawaan ng mga tagabasa at sanhi nito ay magkaroon ng suliranin sa

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

pagpapaunawa ng kahulugan ng mga ito kung ang mga nabanggit na Soneto ay nasusulat sa Ingles. Kaya naman kailangang maisalin ang mga Soneto upang higit na maunawaan ang mga ito.

Ayon sa papel pananaliksik ni Priya Sharma (2019) na Stylistics Study in Literature and Language, inilahad na sa pagbibigay-kahulugan at pag-unawa sa panitikan, ang estelistika ay may mahalagang papel. Malaki ang papel na ginagampanan ng estilistikang lingwistikong pamamaraan *(Stylistic-linguistic technique)* sa pagsulat ng tula gayundin sa pagtuturo. Ang mga disiplina sa istilo at linggwistika ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga guro at mag-aaral o manunulat na magturo, magsulat at mag-aral sa malikhaing paraan. Ang *pedagogical stylistics* ay tinukoy bilang paggamit ng pagsusuri ng estilistika para sa layunin ng pagtuturo nito at pag-aaral ng panitikan. Ang isang estilistikang pagsusuri at pag-aaral ng panitikan ay makakatulong sa mga mag-aaral at mga tao sa lahat na mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon dahil sila ay magiging pamilyar sa iba't ibang mga wika. Sa papel na ito, tinalakay ang tungkol sa *stylistics, stylistics approaches* at relasyon sa pagitan ng panitikan at wika. Ang estilistika ay isa sa pinakamahalagang bagay na unawain at bigyang-kahulugan ang estilistika ng panitikan. Ito kumikilos sa pamamagitan ng leksikal sa gramatika at sa semantiko sa larangan ng tekstong pampanitikan. Ang estilistika ay isang koneksyon ng disiplina sa pagitan ng panitikan at wika na isang hindi gaanong pinahahalagahan at maling paghusga na kasangkapan para sa pagtuturo sa mag-aaral sa parehong wika at panitikan. Sa pamamagitan ng paggamit stylistics approaches, ito ay maaaring magsulong ng komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Sa hinuha naman ni Inyang (2009), ang linggwistika at estilistika ay mas mabisa at teknik sa pagkatuto ng mga mag-aaral para sa tagumpay at pagpapanatili ng tula kaysa ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga teknik na ito, naiintindihan ng mga mag-aaral ang kasiyahan ng tula dahil sa kung aling pagtuturo ito ay mas kapaki-pakinabang sa mga guro.

Isinasaad sa sa pag-aaral ni Jaafar at Hassoon 2018, ipakilala ang pamamaraan ng *pedagogical stylistics* sa mga mag-aaral at sa mga tuntunin ng pagdadalang pansin ng mag-aaral, napatunayang kapansin-pansin ang kahalagahan sa mahahalagang elemento ng panitikan at wika lalo na ang tula. Medyo halata na ang mga pagsusuri ng mga mag-aaral ay naglalaman ng mga aspeto ng parehong *aesthetic* ng wika at ang kanilang *literacy intuition* na nakabatay sa resultang nakolekta mula sa pre-test at post-test. Nakatutulong ang estilistika sa pag-aaral ng panitikan na ang mga komento ay ibinibigay ng mga mag-aaral at *pedagogical stylistics* na kayang pag-aralan ng mga mag-aaral ang mga tula sa sistematikong paraan na nakabatay sa mga tekstong ebidensiya.

Bago pa man dumating ang mga mananakop sa ating bansa, ang Pilipinas ay mayaman na sa mga akdang pampanitikan gamit ang sariling panitikang pagsulat kung tawagin ay Baybayin na binubuo ng tatlong patinig at labing-apat na katinig.Ito ay isang uri ng lumang paraan ng pagsulat ng mga kayumangging Pilipino bago pa nakarating sa kapuluuan ang mga dayuhang kastila (https://tl.m.wikipedia.org/baybayin/). Mayroon na ring panitikan na pasalita ang mga sinaunang tao . Bagama’t magkakakaiba ang lengguwaheng gamit ng mga sinaunang tao ang kanilang panitikan ay may-iisang mensahe at layunin. Isa sa pinakatanyag na

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

pasalitang panitikan ay ang Tulang Pilipino ,sariling atin o hiram na panitikan. Bagama't ito ang pokus ng papel pananaliksik na ito.

Nagmula kay Ongoco (2017), ang Panunuring Pampanitikan ay isang malalim na paghimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulog ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa mga malikhaing manunulat at katha. Isa sa kailangang pagtuunan ng pansin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ay ang pagsusuri ng mga ito. Hindi sapat na binasa lang ang akda. Kinakailangang naiintindihan ang ideyang nais iparating ng may-akda lalong lalo na sa pagbasa ng tula. Sa pagsusuri ng anumang akda ay dapat maging maganda ang paksa, may kalinisan ang wika at organisado ang paglalahad. Sa pagsusuri ay mahalagang mahagap ng may-akda ang kanyang piniling paksa, mahusay ang pagtatalakay at organisasyon ng materyal, malinaw ang balangkas na kinapapalooban ng malinaw na tesis o argumento na sinundan ng buong sanaysay, may naidagdag sa kasalukuyang kaalaman tungkol sa panitikan at mahusay at makinis ang pagkakasulat.

Ipinahayag ni Strong (2009), sa pagbabasa ng tula at maikling kwento na may malinaw na pag-unawa at pagkilala sa mga salita, pagsusuri sa kanilang kahulugan at ideya at panganib ng mga kaisipan sa iba‟t ibang paraan tulad ng paglutas ng praktikal na problema.

Ayon kay Alejandro (2010), ang tula ay nangangahuluganng likha at ang makata ay tinatawag namanlilikha. ang tula ay isang pagbabagong hugis sa buhay. Sa tulong ng guniguni, ang buhay ay nabibigyan ngbagong anyo ng makata. Kalikasan at buhay ang pinaghahanguan ng paksa ng makata at sa pamamagitan nglarawang-diwa ay pinupukaw niya ang ating damdamin.

Ayon naman kay Hernandez (2010), "Ang tula ay hindi pulos na pangarap at salamisim, di pawanghalimuyak, silahis, aliw-iw, at taginting. Ang tula ay walang di nagagawang paksain. Ang paham na si Plato aynagturing na ang tula ay lalong malapit sa katotohanan kaysa istorya at ayon din kay Alexander Pope ay higit namaringal ang katotohanan kung nakadamit sa tula.Sa pagsusuri ng tula, ang pananarili sa pananagisag sa tula ay hindi dapat panaigin. Ang katangian ng makasining na tula ay ang sikad na damdamin at lawak ng pangitain nito.

Ang simulaing ito ay ayon kay Vega(2017), na siya ring nagsabing ang mahalaga sa tula ay ang lasa at hipo nito at hindi ang balat ng prutas. Ayonpa sa kanya, ang buhay raw ng sining ay nasa ubod at laman. Sa pahayag na ito ni Vega, malinaw na ipinaliwanag niya na ang pagsusuri ng tula ay hindi basta-basta.Ang pagsusuri ng tula ay hindi lang sa pagbasa nito kundi sa pag-unawa ng ideyang nais iparating ng may-akda.ang kahalagahan daw ng tula ay nasa lasa at tipo hindi ang balat. Ibig sabihin ang tunay na diwa ng tula ay hindisa anyo at kung papaano ito isinulat kundi sa pagpapakahulugan sa anyo at paraan ng pagkakasulat nito.

Ayon kina Evasco at Ortiz (2008), ang tula ay sinasabi ring uri ng sining ng may wikang nagsasaad nghigit pa kaysa sa ordinaryong pamamahayag. Karaniwang paraan ng pagsasabi nito ay sa higit na kaunting salitaat higit sa kaunting espasyo. Pinayayabong ang anyo ng tula sa pamamagitan ng talinghaga.

Sa aklat naman ni Buensuceso (2000), sinabi niya na ang panitikan ay isang sining sa maayos at magandang pagpapahayag ng damdamin ng tao, pasalita o pasulat hinggil sa mga bagay na may kaugnayan sa kaniyang sarili o pakikitungo niya sa kapwa.

Samakatuwid , ayon kay Sauco (2001) ang kahalagahan ng panitikan sa bawat bansa ay katulad ng isang walang katapusang daloy ng tubig sa batisan , magwawakas lamang ito kung mawawala sa daigdig ang mga nakalimbag na titik at kung

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

mawawalan na ang mga tao ng kakayahan sa pagpapahayag ng kaisipan, damdamin, at karanasan.

**Estilo/Style**

Ang "Estilo" ay isang salitang nagmula sa salitang Latin na "elocution" na nangangahulugang estilo at "lexis" naman sa Griyego. Ang istilo ay isang mas malawak na termino. Ito ay may ilang mga kahulugan sa loob at labas ng tekstong pampanitikan. Ang partikular na pamamaraan kung saan ginagawa ang isang bagay, isang paraan o paraan ay istilo. Sa malawak na pananaw ang hitsura ng lahat ay istilo. Ang paraan ng paggawa ng isang bagay o ang paraan ng pamumuhay din istilo. Ang istilo ay may kaugnayan din sa isang personalidad ng isang tao. Ang isang istilo ay sumasalamin sa mga kaisipan ng sa isip ng tao. Inilalarawan din nito ang paraan ng pagsasalita at pagsulat ng tao.

Ang estilo ay ang natatanging katangian ng isang indibidwal, ang pagiging natatangi, boses at trademark sa piraso ng akdang pampanitikan. Ang paraan ng mga ideya, kaisipan at damdamin ay binibigkas, ikinilos, ipinahahayag at ipinapakita, “makitid na binibigyang-kahulugan bilang mga pigurang nagpapalamuti sa diskurso; malawak, bilang kumakatawan sa isang manipestasyon ng taong nagsasalita o sumusulat. Bumagsak ang lahat ng tayutay sa loob ng domain ng istilo.” Ito ang paraan ng pagsulat ng isang tao tungkol sa isang bagay sa pinakasimpleng detalye at sabay na ipahayag ang pagiging kumplikado ng kanilang mga iniisip sa pamamagitan ng paggamit ng mga salita-ang ponology graphology, syntax, lexicon. Ang mga elementong ito ay pinagsama-sama upang maitatag ang mood, tono, imahe at kahulugan sa teksto at ginamit ng manunulat upang ipakita ang istilo sa paglalarawan ng mga pangyayari, mga ideya, at mga bagay. Ang istilo ay ang natatanging kadahilanan na naglagay sa isang makata sa isang prestihiyosong lugar sa larangan ng panitikan.

**Estaylistik/Stylistics**

Ayon kay Verdonk, (2002) Ang Stylistic ay ang pag-aaral ng mga device at terminong ginagamit ng mga manunulat upang lumikha ng makapangyarihan at magandang sining pampanitikan at bigyang pansin sa natatanging paggamit ng wika at banayad na paraan ang mga layunin at mga epekto ay inilalahad sa isang akdang pampanitikan.

Ang estilistika ay isang sangay ng inilapat na linggwistika na may kinalaman sa pag-aaral ng istilo sa mga teksto. Bago pa man ang 20th century ang estilistika o stylistics ay tumatalakay lamang sa tekstong pampanitikan. Ngunit mula sa ika-20 siglo nagsimula itong makitungo sa mga tekstong hindi pampanitikan. Halimbawa: batas, relihiyon, patalastas, pahayagan atbp. Ayon Sinulat ni Katie Wales sa A Dictionary of Stylistics: “Ang layunin ng karamihan sa mga estilista ay hindi lamang ilarawan ang pormal na mga tampok ng mga teksto para sa kanilang sariling kapakanan ngunit upang ipakita ang kanilang interpretasyon sa teksto, o upang maiugnay ang mga epektong pampanitikan sa mga sanhi ng linggwistika kung saan nararamdamang may kaugnayan”.

Ayon kay Salma, et al, (2014) ginagamit sa pagsusuri ang mga espesyal na salita, parirala at konsepto na kinuha mula sa agham ng lingguwistika.Sumusulat ang mga manunulat upang ipahayag at ibahagi ang mga ideya at kaisipan ngunit higit na mahalaga ang nilalayon nilang ipaliwanag ang mga paraan ng mga salita at italaga

ang kahulugan, ang paraan ng mga mambabasa sa paglikha ng mga kahulugan at ang mga dahilan kung bakit tumutugon ang mga mambabasa sa mga kahulugan. Ang pagsusuri ng estilistika ay interpretasyon at pagpapaliwanag ng istilong pampanitikan sa pamamagitan ng pagbibigay layunin at siyentipikong komentaryo gamit ang mabibilang na impormasyon at diskarte sa sistematikong paraan.

***Stylistic Approach* sa Pagtuturo ng Tula**

Ang istilo ay ang pag-uulit ng isang tiyak ng napiling pattern. Ang pagpipiliang ito ay maaaring ginawa nang sinasadya o hindi. Halimbawa, ang mga tao ay may espesyal na istilo ng ng nagsasalita ngunit hindi nila namamalayan ang kanilang istilo, maliban kung sa ilang kadahilanan magkaroon ng kamalayan dito at magpasya na baguhin ito. Ang mabuting kalusugan o tagumpay ay ang kinalabasan ng kasalukuyang istilo ng pamumuhay at ang prestihiyo at reputasyon ng tao ay maaaring ang resulta ng magandang istilo at gawi sa pagsasalita. Kasama sa tamang istilo ng pamumuhay ang pag-ulit ng mabubuting gawi. Ang istilo ng pagsasalita ay nagreresulta mula sa leksikal na pagpili at syntactical pattern ng nagsasalita. Ang walang malay na istilo ng buhay ay nangyayari dahil sa kultura at panlipunan nakaraan ng pamumuhay ng isang indibidwal. Gayundin, ang isa ay makakahanap ng istilo sa sining at panitikan.

Isa pang bentahe ng pamamaraang ito ayon kay My Van. (2009), at dahil ang estilistika ay makikita na may wika at anyo, maaari itong “i-highlight ang *aesthetic value* ng panitikan” kaya naman “ang pinahahalagahan ng mga mag-aaral ay ang kagandahan ng wikang pampanitikan ”.Ang Stylistic ay isang diskarte tungo sa pagpapahalaga, sa pagpapahalaga sa sining, at kung ano ang gustong iparating ng isang manunulat sa pamamagitan ng kanyang sining.

Sa pahayag naman ni Leech. (2008) ,ang malalim na pagbasa ng isang tula ay “isang malapit na pagsusuri sa wika ng tula na humahantong sa higit na pag-unawa sa kahulugan nito at halaga o higit na pagpapahalaga nito bilang isang gawa ng sining”.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Pagsusuri sa Estilistika sa ginawang salin sa Filipino ni Gregorio V. Bituin Jr. ng Soneto 18 ni William Shakespear ninais din ng mananaliksik na talakayin ang mga sumusunod:

1. Anu-ano ang mga antas na ginamit sa pagsusuri sa estilistika ng soneto ?
    1.1. Phonological
    1.2. Grapological
    1.3. Leksikal
2. Anu ano ang mga Literary Devices na ginamit sa soneto?
3. Anong dulog ang maiuugnay sa soneto?

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang pagsusuri sa teksto at ginamit ang pamamaraang deskriptibong kwalitatibo upang pag-aralan ang mga salita at mga parirala. Ang pamamaraang ito ay pinili dahil angkop na pag-aralan ang pananaliksik na ito. Nais suriin ng mananaliksik ang Estilistika sa malayang salin sa Filipino ni Gregorio V. Bituin Jr. ng Soneto 18 ni William Shakespear.

### Instrumento sa Pananaliksik

Ang instrumento ng pananaliksik na ito ay ginamit ang kopya ng malayang salin sa Filipino ni Gregorio V. Bituin Jr. ng Soneto 18 ni William Shakespear.

**Pamamaraan sa Pangangalap na Datos**

Ang pamamaraan sa pagkuha ng datos sa pananaliksik na ito ay nagsawa ng malalimang pagsisiyasat ang mananaliksik at pumili ng isa sa mga tampok na salin sa Filipino ng Soneto 18 ni William SHakespear at napili ang malayang salin na ginawa ni Gregorio V. Bituin Jr.

**Pagsusuri sa mga Datos**

Upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito ay sinuri ng mananaliksik ang kopya ng soneto sa pamamagitan ng pag-analisa sa bawat taludtod ng tula mula sa pananaw makata . Sa isinagawang pagsusuri ay natukoy ang iba't ibang antas ng estilistika at mga literary device na ginamit sa soneto at iniugnay sa dulog romantisismo.

**Kopya ng Soneto**

| **Orihinal** | **Salin** |
|---|---|
| Sonnet 18: Shall I compare thee to a summer's day?<br>BY WILLIAM SHAKESPEARE<br><br>Shall I compare thee to a summer's day?<br>Thou art more lovely and more temperate:<br>Rough winds do shake the darling buds of May,<br>And summer's lease hath all too short a date;<br><br>Sometime too hot the eye of heaven shines,<br>And often is his gold complexion dimm'd;<br>And every fair from fair sometime declines,<br>By chance or nature's changing course untrimm'd;<br><br>A But thy eternal summer shall not fade,<br>Nor lose possession of that fair thou ow'st;<br>Nor shall death brag thou wander'st in his shade,<br>When in eternal lines to time thou grow'st:<br><br>So long as men can breathe or eyes can see,<br>So long lives this, and this gives life to thee. | MAITUTULAD BA KITA SA ISANG TAG-ARAW? (Soneto 18)<br>ni William Shakespeare (1564-1616)<br>malayang salin ni Gregorio V. Bituin Jr.<br><br>Maitutulad ba kita sa isang tag-araw?<br>Ikaw na kaibig-ibig at katamtaman<br>Niyayanig ng habagat ang sintang usbong ng Mayo<br>At napakaikli ng tipanan natin sa hiram na tag-araw:<br><br>Minsa'y napakainit ng pagkinang ng mata ng langit<br>Kadalasa'y lumalamlam ang kanyang gintong silahis:<br>At paminsa'y bumababa ang bawat kapusyawan<br>Pagkakataon man o di-maayos na pagbabago sa kalikasan<br><br>Ngunit di magmamaliw ang iyong walang hanggang tag-araw<br>Mawala man ang tangan mo sa kaaya-ayang sarili<br>O maghambog man ang kamatayang nakalambong sa kanila<br>Umusbong ka sa walang hanggang panahon.<br><br>Hanggat ang mga tao'y humihinga, o mga mata'y nakakakita<br>Hanggat nabubuhay ito, at ito'y nagbibigay-buhay sa iyo. |

**RESULTA AT DISKUSYON**

Ayon kay Simpson (2004:5), mayroong antas ng wika sa linggwistika na magagamit sa pagsusuri ng estilistika, na binubuo ng pitong antas. Gayunpaman, tatlong antas lamang ang gagamitin ng manunulat, ito ay ang ponolohikal, grapolohikal, at leksikal choice.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

**Antas ng Pagsusuri ng Estilistika/Stylistics**

**Antas ponolohikal:** Ito ay ang pag-aaral ng sound system ng isang partikular na wika; ang mga pormal na tuntunin ng pagbigkas.

**Antas grapolohikal:** Ito ay ang kahalintulad na pag-aaral ng sistema ng pagsulat ng isang wika; ang pormal na mga tuntunin ng pagbaybay.

**Antas leksikal:** Ito ay ang pag-aaral ng paraan kung paano ang mga indibidwal na salita at idyoma may posibilidad na pattern sa iba't ibang linguistic konteksto; sa antas ng semantiko sa mga tuntunin ng estilistika.

A. **Mga Tampok na antas ng Estilistika/Stylistics**

**a.1. Antas Ponolohikal**

Talahanayan I: Rhyme Scheme

| | | |
|---|---|---|
| tag-araw | araw | a |
| katamtaman | aman | b |
| Mayo | ayo | c |
| tag-araw | araw | a |
| langit | ngit | d |
| silahis | his | e |
| kapusyawan | wan | b |
| kalikasan | san | b |
| tag-araw | araw | a |
| sarili | rili | f |
| kanila | nila | g |
| panahon | hon | h |
| nakakakita | kita | g |
| iyo | iyo | i |

Ipinapakita sa unang talahanayan na ang rhyme scheme na ginamit sa malayang salin sa Filipino ni Gregorio Bituin ay abca debb afgh gi . Nagpapahiwatig na sa kanyang malayang salin ito ay hindi sumusunod sa parehong Shakespearean iambic parameter na abab cdcd efef gg. Samakatuwid ito ay nagpapakita na hindi pinansin ang tunog bilang salik sa ginawang pagsasalin.

**Tugmaan/Rhyming-** ang pag-uulit ng mga inisyal na tunog ng katinig hal. sa salita.

Hal:

Minsa’y kadalasa’y paminsa’y
Kapusyawan kadalasan
Nakalumbong umusbong

**Asonans-** pag-uulit sa mga tunog patinig sa alinmanmang bahagi ng salita.

Hal:

Ito ito’y

**Aliterasyon-** ang pag-uulit ng unang titik o unang pantig sa inisyal na bahagi ng salita.

Hal:

kaibig-ibig katamtaman

**Anapora-** ang paguulit ng isang salitang nasa unahan ng isang pahayag o ng isang sugnay.

Hal:

Hanggat ang mga tao’y humihinga, o mga mata’y nakakakita,
Hanggat nabubuhay ito, at ito’y nagbibigay-buhay sa iyo.

**a.2. Antas Grapolohikal**

Talahanayan II: Mga ginamit na pananda

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

| Mga Bantas | Pangalan ng Bantas | Bilang ng Aytem | Bilang ng linya |
|---|---|---|---|
| ? | Tandang pananong | 1 | 1 |
| , | kuwit | 2 | 13,14 |
| : | tutuldok | 2 | 4,6 |
| ‘ | kudlit | 6 | 5,6,7,13,14 |
| - | gitling | 7 | 1,2,4,8,9,10,14 |
| . | tuldok | 2 | 12,14 |

| **Pangngalan** | **Panghalip** | **Pandiwa** | **Pang-abay** | **Pang-uri** | **Pangatnig** | **Pang-ukol** | **Pang-angkop** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

Ipinapakita sa ikalawang talahanayan ang mga bantas na ginamit sa Soneto 18. Bawat nagtatapos na linya ay may bantas na nagsasaad na ang bawat linya ay may kumpletong pag-iisip. Ang unang bantas ay tandang pananong na nagpapahiwatig ng pagtatanong at ang huli ay tuldok na nagsasaad ng pahayag. Ginagamit ang kuwit bilang panggitnang bantas sa dalawang linya upang bigyang-diin ang mga damdamin at magdagdag ng ibig sabihin sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga mambabasa na huminto sa pag-iisip tungkol sa mensahe o ideyang pinananatili ng makata . Ang tutuldok ay ginagamit upang tapusin ang dalawang (2) linya upang maakit ang pansin sa isang serye ng mga ideya at upang ipakilala ang karagdagang impormasyon na iminungkahi sa naunang linya. Ang kudlit ay inilalagay nang eksakto sa posisyon ng mga tinanggal na mga titik tulad Minsa’y, Kadalasa’y, paminsa’y, tao’y, mata’y,ito’y . Karamihan sa mga ginamit na bantas ay gitling. Pitong beses itong ginamit. Ang gitling ay inilalagay sa pagitan ng dalawang pantig na pinaghati sa pagitan ng tambalang salita o sa dalawang salitang pinagkabit.

Ilan pang mga pagsusuri sa soneto ay ang mga sumusunod:

- Mayroong 14 na linya sa soneto na ito
- Ang unang 12 linya ay nahahati sa 3 quatrains na may 4 na linya bawat isa at pagkatapos ang huling 2 linya ay couplet
- Ang mga bantas na ginagamit sa soneto: tandang pananong, tuldok, kuwit, tutuldok, kudlit at gitling.
- May karaniwang malalaking titik.
- Walang gamit na salungguhit at italic o bold na letra.

**a.3. Antas Leksikal**

Talahanayan III: Mga Bahagi ng Pananalita

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Special Issue | July 2022

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| tag-araw<br>Habagat<br>sintang<br>Mayo<br>tag-araw<br>mata<br>langit<br>silahis<br>pagkakatao<br>n<br>kalikasan<br>tag-araw<br>tangan<br>saarili<br>kamatayang<br>panahon<br>tao'y<br>mata'y | kita<br>kaw<br>natin<br>kanyang<br>iyong<br>kanila<br>ka<br>mo<br>ito<br>ito'y<br>iyo | maitutulad<br>niyayanig<br>tipanan<br>hiram<br>pagkinang<br>lumalamlam<br>bumababa<br>magmamali<br>w<br>Mawala<br><br>maghambog<br>nakalambog<br>umusbong<br>Humihinga<br>Nakakakita<br>Nabubuhay<br>nagbibigay | usbong<br>minsa'y<br>kadalasa'y<br>paminsay<br>bawat<br>pagbabago | Isang<br>Kaibig-ibig<br>Katamtama<br>n<br>Napakaikli<br>Napakainit<br>Gintong<br>Kapusyawa<br>n<br>Di-maayos<br>walang<br>hanggang<br>kaaya-<br>ayang<br>walang<br>hanggang | ba<br>at<br>ang<br>at<br>ang<br>at<br>ang<br>man<br>o<br>ngunit<br>di<br>ang<br>man<br>ang<br>o<br>man<br>hanggat<br>ang<br>mga<br>o<br>mga<br>hanggat<br>at | sa<br>sa<br>sa<br>sa<br>sa<br>sa<br>sa | na<br>ng<br>ng<br>ng<br>na<br>ng<br>ng<br>ng<br>na<br>ng |

Ipinapakita sa ikatlong talahanayan ang mga bahagi ng pananalita kung saan nabibilang ang mga salita na ginamit sa salin ni Gregorio Bituin Jr. sa Soneto 18 ni William Shakespear. Ang mabisang pagpili ng mga salita ay maaaring magresulta sa matingkad, malalim at di malilimutang pagpapahayag ng mga ideya at mahusay na paraan upang maghatid ng impormasyon. Ang pinaka ginamit na bahagi ng pananalita ay pangatnig ang bahagi ng pananalita na nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, sugnay o pangungusap. Gumamit si Bituin ng mga pang-uri upang maging tiyak, lumikha ng isang epekto, at bumuo ng isang imahe sa isipan ng mambabasa. Mahusay ring pinili ang mga pandiwa na nagpapakita ng aksyon na ikintal sa isip at puso ng mambabasa kaisipan at nakikitang pagkilos na lubos na nagpapahusay sa mensahe sinusubukang iparating ng soneto. Ang pangngalan, pang-abay, panghalip, pang-ukol at pang-angkop ay ginamit ayon sa kanilang gamit sa gramatika. Ang gramatika ay mahalaga sa anumang pagsulat o komunikasyon dahil pinahuhusay nito ang katumpakan at isang indikasyon ng pagiging maingat at pagsisikap ng mga manunulat.

**Mga Literary Devices na ginamit sa Soneto**

**Literary Devices-** Ang kagamitang pampanitikan ay isang pamamaraan sa pagsulat na ginagamit ng mga manunulat upang ipahayag ang mga ideya, ihatid ang kahulugan, at i-highlight ang mahahalagang tema sa isang piraso ng teksto.

**Retorikal na Tanong-** Isang uri ng tayutay na kung saan ang isang pahayag na anyong patanong na hindi naman nangangailangan ng sagot.

***Hal. Linyang 1***

***Maitutulad ba kita sa isang tag-araw?***
Ikaw na kaibig-ibig at katamtaman
Niyayanig ng habagat ang sintang usbong ng Mayo
At napakaikli ng tipanan natin sa hiram na tag-araw:

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

Ang pambungad na linya ay halos isang panunukso, na sumasalamin sa kawalan ng katiyakan ng tagapagsalita habang sinusubukan niyang ihambing ang kanyang kasintahan sa isang tag-araw. Ipinapakita ng unang linya na ginamit ang retorikal na tanong at ibinibigay para sa parehong tagapagsalita at mambabasa, at maging ang metrikal na paninindigan ng unang linyang ito ay bukas sa haka-haka.

**Metapora-** Ito ang tiyak o tuwirang paghahambing ngunit hindi na kailangang gamitan ng pangatnig sa pangungusap. Nagpapahayag ito ng paghahambing na nakalapat sa mga pangalan, gawain, tawag o katangian ng bagay na inihahambing

***Hal. Linyang 1 at 2***

***Maitutulad ba kita sa isang tag-araw?***
***Ikaw na kaibig-ibig at katamtaman***
Niyayanig ng habagat ang sintang usbong ng Mayo
At napakaikli ng tipanan natin sa hiram na tag-araw:

***Hal. Linyang 9***

***Ngunit di magmamaliw ang iyong walang hanggang tag-araw***
Mawala man ang tangan mo sa kaaya-ayang sarili
O maghambog man ang kamatayang nakalambong sa kanila
Umusbong ka sa walang hanggang panahon.

bilang panahon ng tag-init, ito ay ang paghahambing na ginawa sa pagitan ng dalawang magkaibang bagay hindi katulad ng ibang bagay na talagang mayroong halaga sa paggamit at may kabuluhan, ang tag-araw ay hindi isang tao, kundi isa sa panahon sa mundong ito, at wala itong mukha, o may pag-uugali tulad ng isang tao ngunit inihambing ng manunulat ang kanyang minamahal. Ang tag-araw para sa ibang tao ay kaligayahan dahil ang tag-araw ay may kaakit-akit, ngunit para sa isa pang tao ang tag-araw ay masamang sandali dahil ito ay masyadong mainit para sa kanila.

Muling lumabas ang metapora sa ikalawang linya na matatagpuan sa unang saknong. Ang linyang ito ay may kaugnayan sa unang linya, inilarawan ng manunulat ang paghahambing ng kanyang minamahal sa tag-araw, sinabi niyang iyon ang kanyang minamahal ay mas kaibig-ibig at mas mapagtimpi kaysa sa tag-araw, samantalang ang alam natin sa tag-araw ay isang panahon, ngunit ang manunulat sa soneto na ito ay sinubukang gamiting metaporikal na pahayag upang ihambing ang katangian ng kanyang minamahal sa isang magandang tag-araw, makikita natin na malinaw niyang sinabing 'mas banayad ka at mahinahon.' Ito ay hindi lamang isang metapora na inihahambing ang magkasintahan sa tag-araw. Nasa linya 9 din ang paggamit ng metapora na ginamitan ng matalinghagang wika, itinuturo kung paano maililigtas ng makata ang minamahal mula sa kapalaran ng paglalaho. Ang buhay ng kanyang minamahal ay inilarawan bilang isang tag-araw. Ginagamit ang matalinghagang wika upang ipakita kung paano ililigtas ng makata ang kagandahan ng kanyang kasintahan mula sa pagkamatay.

**Personipikasyon-**Ito ay ginagamit upang pagtaglayin ng mga katangiang pantao (talino, gawi, kilos) at bigyang buhay ang mga bagay na walang buhay sa pamamagitan ng mga pananalitang nagsasaad ng kilos.

***Hal. Linyang 3***

Maitutulad ba kita sa isang tag-araw?
Ikaw na kaibig-ibig at katamtaman
***Niyayanig ng habagat ang sintang usbong ng Mayo***
At napakaikli ng tipanan natin sa hiram na tag-araw:

Sa ikatlong linya na matatagpuang muli sa unang saknong ay makikita ang personipikasyon na nagpapakita dito. Ang nais iparating ng makata ay kahit Aang hangin ay maaari talagang yanigin ang mga bagay, at ang mga usbong ay maaaring ilarawan bilang sinta tulad ng kanyang minamahal, ang mga ito ay parehong mga salita na mas madalas na inilalapat sa mga aksyon ng tao. Nagbibigay siya ng katangian ng tao sa mga hangin at mga usbong ng Mayo.

***Hal. Linyang 11 at 12***

Ngunit di magmamaliw ang iyong walang hanggang tag-araw
Mawala man ang tangan mo sa kaaya-ayang sarili
***O maghambog man ang kamatayang nakalambong sa kanila***
**Umusbong ka sa walang hanggang panahon.**

ay hindi kayang daigin ng sinuman, maging ng kamatayan. Ang personipikasyong ay nagpapatuloy sa susunod na linya. Ang linya 12 ay tumutukoy sa nakasulat (soneto na ito), tinukoy ng manunulat ang mga binibigyang katauhan na linya ay maaaring lumago tulad ng pag-uugali ng tao, ngunit ang kahulugan ng linya mismo sa soneto na ito ay kumakatawan sa kanyang minamahal.

**Imagery-**Ang imahe ay isang pampanitikang kagamitan na ginagamit sa mga tula, nobela, at iba pang pagsulat na gumagamit ng matingkad na paglalarawan na umaakit sa damdamin ng mga mambabasa upang lumikha ng isang imahe o ideya sa kanilang isipan. Sa pamamagitan ng wika, ang imahe ay hindi lamang nagpinta ng isang larawan, ngunit naglalayong ipakita ang kahindik-hindik at emosyonal na karanasan sa loob ng teksto

***Hal. Linyang 5 at 6***

***Minsa'y napakainit ng pagkinang ng mata ng langit***
***Kadalasa'y lumalamlam ang kanyang gintong silahis:***
At paminsa'y bumababa ang bawat kapusyawan
Pagkakataon man o di-maayos na pagbabago sa kalikasan

na mata ng langit (metapora ng sikat ng araw). Lumilitaw muli ang imahe sa ikaanim na linya "At madalas ay lumalabo ang kanyang gintong kutis", ang gintong kutis ay tumutukoy sa visual na imahe dahil inilagay ng makata ang sense of sight sa "gintong silahis".

**Anapora-** ang paguulit ng isang salitang nasa unahan ng isang pahayag o ng isang sugnay.

***Hal. Linyang 13 1t 14***

***Hanggat ang mga tao'y humihinga, o mga mata'y nakakakita,***
***Hanggat nabubuhay ito, at ito'y nagbibigay-buhay sa iyo.***

sa

na pagtatapos para sa kanyang soneto. Gagawin niya ang kanyang minamahal na buhay pa rin magpakailanman, at ang ibig niyang sabihin hangga't ang mga tao ay nabubuhay at nakakabasa, ang sonetong ito ay patuloy na mabuhay, at sa gayon panatilihing buhay ang kanyang minamahal.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

**Elementong Pampanitikan**

**Uri ng Genre : Tulang Pandamdamin o Liriko**

Ayon kay Rufino Alejandro, ang tula ay nangangahulugang "likha" at ang makata ay tinatawag na manlilikha. Ito ay dahil ang tula ay isang pagbabagong hugis ng buhay. Sa tulong ng guni–guni, ang buhay ay nabibigyan ng bagong anyo ng makata.

Nagpapahayag ang tulang ito ng damdaming pansarili ng kumatha o kaya ay ng ibang tao. Maaari rin itong likha ng mapangaraping imahinasyon ng makata batay sa isang karanasan. Ang makata ay direktang sinasabi sa mambabasa ang kanyang sariling damdamin, iniisip, at persepsyon. Kalikasan at buhay ang pinaghanguan ng paksa ng makata at sa pamamagitan ng mga larawang diwa ay pinupukaw niya ang ating damdamin. Ang tula ay isang Soneto, isang uri ng tulang may 14 na taludtod tungkol sa damdamin at kaisipan, may tugma, at may mapupulot na aral ang mambabasa.

**2. Paksang-Diwa o Tema**

Ang tema ng soneta na ito ay pag-ibig ngunit hindi ito ganap na tula ng pag-ibig. Sa una ay pinag-uusapan ng makata ang kagandahan ng kalikasan at pagkatapos ay ikumpara ito sa kagandahan ng kanyang minamahal at sa huli ay inilarawan ng makata ang pangunahing tema ng tulang ito na ang mortalidad ng mundong ito at imortalidad ng gawain ng panitikan at pagsulat. Ipinaliwanag ng manunulat na ang lahat ng bagay sa mundong ito ay mortal ngunit ang gawain ng panitikan ay hindi bababa hanggang sa may buhay sa lupa. Kaya, tatlong tema ang magkakatulad sa soneta na ito: tema ng kagandahan ng kalikasan, tema ng pag-ibig at tema ng mortalidad ng buhay at imortalidad ng panitikan.

**3. Simbolismo / Sagisag na ginamit**

Mahalaga ang paggamit ng manunulat ng mga simbolo/imahe at pahiwatig. Pinag-iisip nito ang mga mambabasa at dinadala sa mayamangmga imahinasyon. Ang simbolo ay mga salita na kapag binanggit sa isang akdang pampanitikan tulad halimbawa ng tula ay nag-iiwan ng iba't ibang pagpapakahulugan sa mambabasa. Ngunit ang pagpapakahulugan ng mambabasa ay kailangang hindi malayo sa tunay na intensyon ng makata sa kanyang tula.

**Tag-araw-** tumutukoy sa araw kung saan inihahambing ng makata ang kanyang minamahal.

**Napakainit-** tumutukoy sa temperatura ng pakiramdam ng makata na nakakaramdam ng mainit na temperatura na dulot nang nagniningning na mata ng langit.

**Gintong silahis-** tumutukoy sa gintong kutis

**Estilo ng pagkakasulat ng akda**

Ipinapakita na talagang masasabing makata ang ilan sa mga Pilipinong manunulat dahil sa taglay na imahinasyon napakaepektibo ng paggamit ng mga salitang ginamit sa tula, dahil ito'y napakalalim at malikhain ang mga salita. Kapag ito'y binasa ng mga mas nakakabata ay hindi ito masyadong mauunawaan dahil ginamitan ito ng mga matatalinghagang salita at mga tayutay. Samakatuwid, para sa mga taong gugustuhing maging makata ito ay napakagandang tula para sa mga umiibig at naghahanap ng pag-ibig.

**B. Dulog na Ginamit sa Tula**

**Pagdulog Romantisismo**

– Kasalungat ng romantisismo ang klasismo sapagkat ang higit na pinahahalagahan ng romantisismo ay ang damdamin at guniguni. Nagpapamalas ang romantisismo ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

pag-ibig sa kalikasan, pagmamahal sa kalayaan ay salupang sinilangan, paniniwala sa taglay na kabutihan ng tao, paghahangad ng espiritwalidad at hindi mga bagay na materyal, pagpapahalaga sa dignidad hindi sa mga karangyaan at paimbabawna kasiyahan at kahandaan magmaha lsa babae/lalakeng nag-aangkin ng kapuri-puri at magagandang katangian, inspirasyon at kagandahan. Makikita sa tulang " Maitutulad ba kita sa isang tag-araw, ang malayang salin sa Filipino ni Gregorio V. Bituin Jr." ang teoryang romantisismo dahil ipinapahayag ng may-akda ang kaniyang pag-ibig sa kaniyang minamahal na kanyang inihahambing sa tag-araw. Ang namamayani rito ay emosyon o likas na pag-ibig. Pinaiiral dito ang sentimentalismo at ideyalismo. Sa teoryang ito, inspirasyon ang pangunahing kasangkapan upang mabatid ng tao ang katotohanan, kabutihan at ang kagandahan. Nais ng makata na ipaalam ang walang hanggang niyang pagmamahal sa kanyang sinisinta hanggang sa kabilang buhay.

Ang linyang, "ikaw na kaibig-ibig at katamtaman,"ay nagbibigay ng matinding damdamin sa kahit sinong magbabasa sa akda. Ito rin ay nagsasaad ng paglalarawan kung gaano kaganda ang kanyang minamahal kahit na maikli lamang ang panahon ng kanilang pagtatagpo. At dahil pag-ibig ang paksa ng tulang ito ang teoryang romantisismo ang pangunahing pagdulog na ginagamit. Dito, naipakita ng awtor ang iba't ibang paraan kung paano magmahal ang isang tao.

**KONGKLUSYON**

Ang soneto ni William Shakespeare na malayang isinalin ni Gregorio V. Bituin Jr. ay naglalaman ng malalim na kahulugan. Ang imahe sa bawat tula ay nabuo mula sa salitang pinili na kongkreto at tiyak. Gumagamit ang makata ng mga imahe sa kanyang soneto upang gawin ang nadarama ng mga mambabasa ang damdamin ng may-akda sa tula. Binabanggit ng makata ang kanyang mahal sa isang araw ng tag-araw at hinahanap siya na "mas kaibig-ibig at mas mapagpigil". Natuklasan ng makata na ang pag-ibig at kagandahan sa minamahal ay mas permanente kaysa sa araw ng tag-araw dahil ang tag-araw ay nabubulok sa pamamagitan ng paminsan-minsang hangin at sa wakas ay pagbabago ng panahon. Habang ang tag-init ay laging natatapos, ang pag-ibig ng makata para sa minamahal ay walang hanggan.

**REKOMENDASYON**

Mula sa mga konklusyon sa itaas, iminumungkahi ng mananaliksik na ang mga susunod na mananiksik ng isang tula o isang bagay na may relasyon sa kritisismong pampanitikan, maaari silang pumili ng soneto dahil bahagya itong pinipili sa mga pananaliksik. Samantalang ang soneto ay may mataas na halaga sa masining na site. Napagtanto ng mananaliksik na ang pananaliksik na ito ay hindi pa rin perpekto ngunit ang mananaliksik laging umaasa na ito ay magiging kapaki-pakinabang para sa mga mambabasa, lalo na para sa mga mananaliksik na magsasagawa ng pagsusuri ng estilistika ng soneto at magamit ang papel na ito bilang isa sa kanilang mga sanggunian o mapagkukunan.

**Sanggunian**

Ahmad, Jameel. (2012) "Stylistic Features of Scientific English: A Study of Scientific Research Articles." English Language and Literature Studies, vol. 2, no. 1

Collins B, Mees IM. (2013), Practical phonetics and phonology. A resourse book for students. Routledge: London & New York

Gupta Anurag (2010), Poetic Communication: The Art of Saying the Unsaid. Anurag Gupta for Directions, 2010.

https://doi:10.5937/jouproman7-22087
https://pdfcoffee.com/tesis-12-4-pdf-free.html

Inyang, Gb.(2009). "Linguistic – Stylistic Technique and the Effective Teaching and Learning of Poetry in Nigerian Senior Secondary Schools." African Research Review, vol. 3, no. 2,

Jaafar, Eman Adil, et al.,(2018) "Pedagogical Stylistics as a Tool in the Classroom: An Investigation of EFL Undergraduate Students Ability in Analyzing Poetic Language." SSRN Electronic Journal

Leech, G. (2008). Language in Literature: Style and Foregrounding. Harlow: Pearson Longman.

My Van, T. T. (2009).The relevance of literary analysis to teaching literature in the EFL classroom.English Teaching Forum,47 (3), 2-9.

Nordquist Richard. Stylistics. Retrieved fromhttp://grammar.about.com

Pajarillo(2010),http://www.academia.edu/34747890/Kakayahan_sa_Pagsusuri_ng_indie_film_ng_mga_magaaral_sa_Ikasampung_Baitang[20].

Rubin (2002), http://www.academia.edu/28885174/thesis._teknolohiya[21].

Siplac, G. L. (2021), ELUCIDATING THE TRANSLATED ITAWES PROVERBS: A COMMUNICATIONAL APPROACH, International Journal of Arts, Sciences and Education, Volume 2 Issue 1, ligutangrace04@gmail.com

SIPLAC, G. (2022). An Analysis and Translation of Selected Filipino Elegy. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(2 June Issue), 249–261. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/145

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 189-204

Salameh(2012),https://www.academia.edu/2421622/Some_problems_students_face_in_studying_English_poetry_in_Jordan_a_corpus driven_study_of_students_responses[22].

Strong (2009)https://www.scribd.com/document/326482288/1-Pagpapalawak-Ng-Kakayahan-Sa-Pagsusuri-Ng-Maikling-Kwento-at-Tula[23].

Suico (2016),https://www.scribd.com/document/326482288/1-Pagpapalawak-Ng-Kakayahan-Sa-Pagsusuri-Ng-Maikling-Kwento-at-Tula[24].

Vega (2017),https://www.slideshare.net/karenmfajardo/kahulugan-at-kahalagahan-ng-panunuring-pampanitikan-katangian-ng-isang-mahusay-na-kritiko[25].

Villafuerte, P. (2000). Panunuring Pampanitikan. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.[26].

Wambu (2012), https://es.scribd.com/document/324307454/Depinisyon-Ng-Terminolohiya

Khattak, M. Ibrahim, et al., (Jan.2012) "The Role of Stylistics in Interpreting Literature." City University Research Journal, vol. 2, no. 1, pp. 97–102.

Rse,s Class cites. Tropes and schemes. Retrieved fromhttp://it.pinellas.k12.fl.us

Sharma. P. (2019). Stylistics Study in Literature and Language . Academic Journal of Literature and Language, 1(1), 6-9